# Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI) Sa California

2008

Ang SSI, o Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad), ay isang federal na programang nagbibigay ng mga buwanang karagdagang pagbabayad sa mga taong nangangailangan. Ang SSI ay para sa mga taong may animnaput limang 65 taong gulang o mas matanda pa rito, at para na rin sa mga taong bulag o may kapansanan anuman ang kanilang edad, kabilang na rito ang mga bata.

Upang maging-marapat, ikaw ay kailangang may kaunti o walang kita at kakaunti ang iyong mga pag-aaring yaman. Ibig sabihin nito ay, ang halaga ng iyong mga pag-aaring yaman ay dapat mas mababa sa $2,000 kung ikaw ay nagiisa o mas mababa sa $3,000 kung ikaw ay may asawa. Hindi kasama ang halaga ng iyong tahanan. Karaniwan ding hindi isinasama ang halaga ng iyong sasakyan. At ang tiyak na halaga ng iba pang mga pag-aaring yaman, katulad ng lupang paglilibingan, ay maaaring hindi rin kabilang.

Upang makakuha ng SSI, dapat ka ring mag-apply para sa anumang iba pang mga karagdagang benepisiyo na maaari mong makuha.

Kailangang nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands para makakuha ng SSI. Kung hindi ka isang mamamayan ng Estados Unidos, ngunit ikaw ay isang legal na dayuhang may kapahintulutan, maaari ka pa ring makakuha ng SSI. Para sa karagdagang kaalaman, humingi ng kopya *Karagdagang Kitang Pangseguridad (SSI) Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-11051-TL).

Nagdadagdag ang state ng California ng karagdagang kitang bayad sa federal. Kabilang sa mag-isang bayad na natatanggap mo sa umpisa ng bawat buwan ay ang magkasamang bayad ng federal sa SSI at ang kapunuang nagmumula sa California.

## Medikal na tulong

Kung nakakakuha ka na ng SSI, karaniwang kusa ka ring makakakuha ng tulong sa medikal (Medi-Cal). Hindi na kinakailangan ang hiwalay na pag-hain para sa Medi-Cal. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Medi-Cal, makipagbigay-alam sa saan mang county ng lokal na tanggapan ng kapakanan(welfare).

## Food stamps

Ang mga taong tumatanggap ng SSI sa California ay **hindi makakakuha ng mga food stamp** dahil ang state ay nagdadagdag ng kabayaran para sa pagbabayad ng SSI.

Ganuon pa man, maaari kang makakuha ng mga food stamp:

- Habang naghihintay ka ng kapasyahan ng iyong pag-hain para sa SSI;
- Kung ang iyong pag-hain para sa SSI ay tinanggihan; o kaya
- Kung lumipat ka ng ibang state.

Para sa karagdagang impormasyon, makipagbigay-alam sa saan mang county ng iyong lokal na tanggapan ng kapakanan(welfare).

## Mga ibang pang panlipunang pagli-lingkod

Kabilang sa iba pang mga pagli-lingkod ay maaari mong makuha mula sa saan mang county ng iyong lokal na tanggapan ng kapakanan(welfare). Ito ay:

- Ang hindi pang-karaniwang panggastos para sa mga katulong na aso para sa mga taong bulag o may kapansanan;
- Sa mga pagli-lingkod na tulong na pangtahanan; at
- Mga pagkalingang pag-tulong.

Para sa karagdagang kaalaman, makipagbigay-alam sa saan mang county ng iyong lokal na tanggapan ng kapakanan(welfare).

(kabila)

## Mga buwanang halaga ng pagbabayad ng SSI

Ang pinagsamang halaga ng mga kabayaran ay kapwa sakop ng federal at state. Hindi lahat ng mga tumatanggap ng SSI ay nakakakuha ng pinakamataas na halaga. Maaaring mas mababa ang iyong kabayaran kung mayroon kang iba pang kinikita.

| Kaurian (category) | Kabuuang buwanang kabayaran sa 2008 | | |
|---|---|---|---|
| ***Nagiisang tao*** | ***Matatanda*** | ***May kapansanan*** | ***Bulag*** |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay) | $870.00 | $870.00 | $935.00 |
| Walang gamutang pangangasera at pangangalaga | $1,049.00 | $1,049.00 | $1,049.00 |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay), facility na walang lutuan | $954.00 | $954.00 | |
| Naninirahan na kasambahay ng iba | $658.67 | $658.67 | $739.67 |
| Menor de edad na anak na may kapansanan | | $756.00 | |
| Menor de edad na may kapansanan at naninirahan na kasam-bahay ng iba | | $532.67 | |
| ***Mga matatanda na o mga may kapansanang mag-asawa*** | | | |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay) | $1,524.00 | | |
| Walang gamutang pangangasera at pangangalaga | $2,098.00 | | |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay), mga facility na walang lutuan | $1,692.00 | | |
| Naninirahan na kasam-bahay ng iba | $1,233.00 | | |
| ***Mga mag-asawang bulag*** | | | |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay ) | | | $1,751.00 |
| Naninirahan na kasam-bahay ng iba | | | $1,460.00 |
| ***Taong bulag na ang asawa ay matanda na o may kapansanan*** | | | |
| Independent living status (kalagayan ng malayang pamumuhay) | | | $1,666.00 |
| Naninirahan na kasam-bahay ng iba | | | $1,374.00 |

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono. Pagkontak sa Social Security.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-11125-TL
Supplemental Security Income (SSI)
In California (Tagalog)
January 2008